



PEER REVIEW EVALUATION FORM

Pamagat ng Manuskrito:	Pagtataguyod ng Pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Pamamagitan ng Suporta, Aksyon at Galing
Uri ng Artikulo:	Orihinal na Artikulo

UNANG YUGTO

Editor

Mga Tiyak na Komento at Rekomendasyon

Ang manuskritong pinamagatang "Pagtataguyod ng Pagsasalita sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Pamamagitan ng Suporta, Aksyon at Galing" ay isang makabuluhang ambag sa larangan ng edukasyong pangwika. Ang pag-aaral ay malinaw ang layunin, maayos ang estruktura, at angkop ang ginamit na quasi-eksperimental na disenyo upang masukat ang epekto ng interbensyon. Ang mga resulta ay may sapat na estadistikal na batayan at nagpapakita ng positibong epekto ng programang "Suporta, Aksyon, at Galing" sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Kapansin-pansin ang praktikal na implikasyon ng pag-aaral, lalo na sa konteksto ng pagpapalakas ng paggamit ng Wikang Filipino sa antas ng Senior High School. Gayunpaman, may ilang bahagi na nangangailangan ng teknikal at estilistikong pagwawasto, kabilang ang paglilinaw sa balidasyon ng instrumento, konsistensi ng presentasyon ng datos, at pagpapalalim ng diskusyon upang higit na mapatag ang teoretikal na pundasyon ng pag-aaral. Batay sa kabuuang pagsusuri, inirerekomenda kong tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.

Tagasuri 1

Mga Tiyak na Komento at Rekomendasyon

Sa abstrak, maayos ang buod ng layunin, disenyo, kalahok, at pangunahing resulta. Gayunpaman, inirerekomenda na gawing mas akma ang pag-uulat ng walong resulta at ituon lamang sa pinakamahalagang natuklasan. Maaaring idagdag ang eksaktong statistical values (hal. p-value ng pangunahing resulta) upang maging mas akademiko at matibay ang abstrak.

Sa introduksyon, malinaw ang paglalahad ng konteksto mula global patungong lokal. Ang paggamit ng datos mula sa UNESCO at PSA ay nakapagpalakas sa argumento. Gayunpaman, maaaring paikliin ang ilang talata upang maiwasan ang repetisyon ng ideya tungkol sa pagbaba ng paggamit ng Filipino. Mas mainam ding mas malinaw na tukuyin ang research gap sa isang hiwalay at mas direktang pangungusap.

Sa metodo, ang disenyo ay malinaw na nailahad. Gayunpaman, inirerekomenda ang pagdagdag ng mas malinaw na paliwanag kung paano nagging balido ang sariling gawa na instrumento (content validity, reliability coefficient kung mayroon). Paglilinaw kung gumamit ba ng independent t-test sa pagitan ng grupo (dahil ito ay ginamit sa resulta ngunit hindi malinaw



na nabanggit sa metodo). Pagbanggit ng software na ginamit sa pagsusuri ng datos (hal. SPSS).

Sa resulta, maayos ang presentasyon ng mga talahanayan at interpretasyon. May inkonsistensi sa Talahanayan 8 kung saan tila nagkapalit ang mean gain ng eksperimental at kontroladong pangkat sa deskripsyon kumpara sa Talahanayan 7. Kailangan itong linawin upang maiwasan ang kalituhan. May bahagyang pag-uulit sa interpretasyon ng statistical significance at maaaring paikliin upang mas maging direkta at teknikal ang tono.

Sa diskusyon, maganda ang pagkakaugnay ng resulta sa mga naunang pag-aaral. Ang paggamit ng Social Learning Theory ay angkop. Gayunpaman, maaaring palalimin pa ang teoretikal na paliwanag kung paano eksaktong umayon ang bawat bahagi ng “Suporta, Aksyon, at Galing” sa Social Learning Theory (modeling, reinforcement, observational learning).

Sa konklusyon, malinaw at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng buod ng resulta. Gayunpaman, mas mainam kung hindi na uulitin ang lahat ng statistical values sa konklusyon; maaaring ituon sa implikasyon at ambag ng pag-aaral. Maaaring idagdag ang limitasyon ng pag-aaral (hal. maliit na sample size, isang paaralan lamang) at rekomendasyon para sa susunod na pananaliksik.

Pangkalahatang Komento at Rekomendasyon

Ang manuskrito ay tumatalakay sa isang mahalagang isyu sa larangan ng edukasyon at wika, sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pagsasalita sa Wikang Filipino sa Senior High School. Ang pag-aaral ay may malinaw na layunin, angkop na disenyo, at lohikal na daloy mula introduksyon hanggang konklusyon. Ang interbensyon na “Suporta, Aksyon, at Galing” ay makabuluhan at may praktikal na implikasyon sa pagtuturo. Ang pinakamalakas na bahagi ng papel ay ang malinaw na estadistikal na ebidensya ng epekto ng interbensyon. Gayunpaman, kinakailangan ng ilang minor revisions sa metodolohiya (lalo na sa validation ng instrumento at statistical procedures), consistency ng datos sa talahanayan, at pagpapalalim ng diskusyon.

Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.

<u>Pasya</u>	
	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.
/	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.
	Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.



Tagasuri 2

Mga Tiyak na Komento at Rekomendasyon

Sa Introduksyon, nakatutok at malinaw ang paglalahad, ngunit iwasan ang kalabisan sa “personal na pakikipagtalastasan”; sapat na ang “pakikipagtalastasan.”.

Sa Metodo, mas maayos ang “siyam (9) araw na interbensyon” o “siyam na araw na interbensyon” upang maging tama ang pang-angkop. Kumpletuhin ang enumerasyon ng interbensyon: “Suporta, Aksyon, at Galing,” sapagkat napuputol pagkatapos ng “Aksyon” sa kasalukuyang bersyon.

Sa Resulta at Talakayan, ang pag-angkla sa prinsipyong panlipunang pagkatuto ay malinaw; tiyaking tuloy-tuloy ang teksto at walang naputol na salita. Ayusin ang naputol na “pananal...” tungo sa “pananaliksik.” Siguruhin ding pare-pareho ang gamit ng “grupo eksperimental” at “kontrol na grupo” o panatilihin sa Ingles nang may paliwanag sa unang pagbanggit.

Sa Konklusyon at Limitasyon, palitan ang “generalisability” ng “pangkalahatang paglalapat” o “kakayahang ilapat sa mas malawak na konteksto” upang maging konsistent sa Filipino ang rehistro. Makatutulong din ang pagtukoy kung ilang kalahok bawat grupo at ang eksaktong istadistika (kung hindi pa nailahad) upang maging mas tiyak ang wika at paglalahad.

Pangkalahatang Komento at Rekomendasyon

Matatag ang pundasyon ng papel sa paggamit ng pormal na rehistro, sa lohikal na pagdaloy ng talakay, at sa malinaw na pag-uugnay ng teorya at datos. Naipakita rin nang maliwanag na magkakatulad ang panimulang antas ng kasanayan ng mga pangkat at na may makabuluhang pag-unlad sa eksperimental na pangkat matapos ang interbensiyon. Gayunman, upang maging huwaran ang manuskrito sa sariling adbokasiya nitong pagtataguyod ng Wikang Filipino, kinakailangang higit na paigtingin ang konsistensiya ng paggamit ng Filipino sa kabuuan ng teksto, iwasan ang hindi kinakailangang pagpapalit-wika, at tiyaking wasto ang paggamit ng pang-angkop, gayundin ang pagkakabuo at pagkakakumpleto ng mga enumerasyon at pangungusap.

Inirerekomenda ang sumusunod: (1) isang masusing rebisyong pangkonsistensiya para sa wastong gamit ng bilang, pang-angkop, bantas, at mga pamagat; (2) isang rebisyong pampagdalo upang alisin ang kalabisan at higit na paghusayin ang likás at malinaw na diksyon; at (3) masinop na pagwawasto upang matiyak na walang putol na salita at ganap na buo ang lahat ng seksiyon. Sa ganitong pagpipino, lalo pang mapagtitibay ang kredibilidad at bisang retorikal ng papel, at higit itong magiging angkop na modelo ng maingat, malinaw, at masinop na paggamit ng Wikang Filipino para sa Senior High School.



Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.

<u>Pasya</u>	
	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.
/	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.
	Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.



PANGALAWANG YUGTO

<u>Pasya</u>	<u>Editor</u>	<u>Tagasuri 1</u>	<u>Tagasuri 2</u>
Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.	/	/	/
Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.			
Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.			